Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 21-08-248

**KAPASYAHANG PAGKILALA AT PASASALAMAT SA KAGALANGGALANG AT BUTIHING PUNONG PANLALAWIGAN HUMERLITO "BONZ" A. DOLOR SA LAHAT NG TULONG AT SUPORTA NA KANYANG PINAGKALOOB SA BAYAN NG BULALACAO NGAYONG PANAHON NG PANDEMYA**

"**SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na ang kahirapan at mga pagsubok sa pamumuhay ay nararanasan pa din ng malaking bahagi ng populasyon nito kabilang ang mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan;

"**SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan nito ay masidhing naglilingkod sa mga pangangailangan at ikauunlad ng bawat mamamayan subalit hindi pa din nagiging sapat ito lalo't higit sa mga panahon ng sakuna at sa nagaganap ngayon na pandemya;

"**SAPAGKAT,** isang malaking pagsubok sa Bulalacao ang nagaganap na pandemya ng COVID-19 ngunit mapalad pa din ito sa pagkakaroon ng mga nasa gobyerno o pribadong indibidwal at grupo na taus-pusong tumutulong at sumusuporta, isa na dito ang butihing Gobernador ng Lalawigan na si Kgg. Humerlito "Bonz" A. Dolor na nagsilbing instrumento sa pagtugon at solusyon sa mga problemang pinansyal, medikal, at iba pang suliraning kinakaharap ng mga Bulalacaonon;

"**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay lubos na pinasasalamatan ang lahat ng kabutihang pinagkaloob ng Punong Panlalawigan, Kgg. Humerlito "Bonz" A. Dolor sa bayan ng Bulalacao, at kinikilala ang kanyang magandang hangarin na mabigyan ng progresibong pamumuhay at ligtas sa anumang sakit o karamdaman ang bawat isang mamamayan ng Oriental Mindoro; Kung kaya't dahil dito...

2021.05.25 15:31

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin at pasalamatan ang kagalanggalang at butihing Punong Panlalawigan Humerlito "Bonz" A. Dolor sa lahat ng tulong at suporta na kanyang pinagkaloob sa Bayan ng Bulalacao ngayong panahon ng pandemya;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member German S. Acosta na pinangalawahan nina SB Member Elpidio N. Contreras at SB Member Dexter R. Gonzales, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":**Agosto 16, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 08, 2021

250821/BMS/admm

Scanned with CamScanner